

Programa ng Pananaliksik para sa Maagang Paglaki ng Bata: Pamamaraan para sa Maagang Paglaki

Pabatid na Sulat para sa Magulang/Tagapag-alaga

Pangunahing Imbestigador: Kimberly Schonert-Reichl, Ph.D., Direktor, Human Early Learning Partnership (Telepono: 604-822-1879)
Opisina ng Proyekto: 604-822-1278 (sa Vancouver sa UBC) 1-888-908-4050
Katulong sa Proyekto: Melanie Hientz, Tagapamahala sa Pagpapatupad ng EDI (Telepono: 604-827-3512)
Petsa: Setyembre 15, 2017

Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Mangyaring basahin ng marahan ang sumusunod na pormularyo. Ang sulat na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa isang proyekto sa inyong paaralan at sa mga distrito ng paaralan sa ibayo ng BC. Ang proyektong ito ay pinamamahalaan ng Human Early Learning Partnership (HELP) sa University of British Columbia (UBC).

Kasaysayan at Hangarin ng Proyekto

Ang mga batang nakahandang pumasok sa paaralan mula sa araw na magsimula sila sa kindergarten ay may mas malaking tsansa na gumawa ng mahusay sa bawat grado at makapagtapos sa mataas na paaralan. Ang pagiging handa para sa paaralan ay hindi lamang nauukol sa pagkakaalam ng mga "A,B,C at 1,2,3", ito rin ay napapalooban ng sosyal at emosyonal na paggulang, mabuting kalusugang pangkatawan at iba pa. Ang mga Canadian na mananaliksik, kasama na ang tulong ng mga guro at mga punong-guro sa kindergarten, ay gumawa ng isang palatanungan na tinatawag na Kasangkapan sa Maagang Paglaki (KMP) [(Early Development Instrument (tinatawag rin na EDI)] upang higit na alamin ang tungkol sa paglaki ng mga bata kapag sila ay nagsimulang pumasok sa paaralan. Ang EDI ay ginamit na sa iba't-ibang mga probinsya sa Canada, kabilang ang British Columbia. Ang trabahong ito ay pinopondohan ng mga Ministro ng mga Bata at Pag-unlad ng Pamilya, ng Ministro ng Edukasyon, at Kalusugan ng British Columbia.

Ang mga Distrito ng Paaralan sa British Columbia ay nakikipagtrabaho sa HELP sa UBC upang gumawa ng isang pag-aaral na gumagamit ng KMP (EDI) sa Pebrero. Ang mga resulta mula sa pag-aaral na ito ay makakatulong sa paaralan ng inyong anak, distrito ng paaralan, at komunidad upang higit na maintindihan kung ano ang kailangang gawin sa inyong komunidad upang makaseguro na ang lahat ng mga bata ay nakahanda para sa paaralan. Ang gawain ring ito ay makakatulong sa pagsusuri ng programang pamprobinsiyal at ipapaalam ang pag-unlad ng patakaran sa isang pamprobinsiyal na antas. Kami ay sumusulat sa magulang at tagapag-alaga para magbigay ng mas higit na impormasyon tungkol sa pag-aaral.

Ang Pakikilahok ng Aking Anak

Mag-aayos ang Distrito ng inyong Paaralan para kumpletuhin ng guro ng inyong anak sa sa kindergarten ang ilang mga tanong ng EDI tungkol sa paglaki ng inyong anak. Sinanay ang mga guro upang kumpletuhin ang kuwestiyonaryo. Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa kuwestiyonaryo maaari kayong makipag-ugnay kay Melanie Hientz ang Tagapamahala sa Pagpapatupad ng EDI sa HELP sa pamamagitan ng email sa melanie.hientz@ubc.ca o sa pamamagitan ng telepono sa 604-827-3512 sa Vancouver. Wala kaming nakikitang mga panganib na kaugnay sa pag-aaral na ito.

Maaari mong makita ang mga tanong ng EDI at higit na malaman ang tungkol sa EDI na proyekto sa:
www.earlylearning.ubc.ca/ediparent

SCHOOL DISTRICT LETTERHEAD

Kung nais ninyong ipaalis ang pangalan ng inyong anak sa listahan ng mga kalahok, mangyaring kontakin ang guro ng inyong anak sa loob ng 4 na linggo pagkatapos na matanggap ang sulat na ito.

Mayroong mga propesyonal para sa pagkapribado ang HELP na kaugnay sa lahat ng mga yugto ng pangongolekta, paggamit, pagtatago at paghahayag ng mga data ng EDI. Sinisiguro ng HELP na ang lahat ng kanilang mga kasanayan at patakaran ay tumutugon o lumalampas sa pamantayan para sa proteksyon ng pagkapribado at pangangalaga ng pagiging kumpidensiyal alinsunod sa nakabalangkas sa *FIPPA*, kabilang na ang pagsubaybay at pagpapatupad ng mga pamantayang ito sa mga

mananaliksik na tumatanggap ng mga data ng EDI sa ilalim ng inaprubahang Kasunduan ng Pananaliksik at ng mga ministro na tumatanggap ng mga data ng EDI sa ilalim ng nilagdaang Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon. Sa ibang salita, ginagamit ng HELP ang bawat tool na magagamit upang tiyakin na ang personal na impormasyon ng inyong anak ay hindi nanganganib na isapubliko.

Kung kayo ay may anumang mga tanong o mga alalahanin tungkol sa pagtatrato o mga karapatan bilang isang taong kalahok sa proyektong ito, maaari kayong makipag-ugnay sa Linya ng Impormasyon ng Paksa ng Pagsasaliksik sa Tanggapan ng UBC ng Mga Serbisyo ng Pananaliksik ng British Columbia sa 604-822-8598. Para sa mga alalahaning kaugnay sa pagkapribado ng mga data ng inyong anak, mangyaring makipag-ugnay sa Opisyal ng Pagkapribado ng HELP sa privacy@help.ubc.ca.

Boluntaryo ang inyong paglahok at hindi ninyo kailangang ibalik ang form na ito upang lumahok ang inyong anak. Hindi makakaapekto ang pakikilahok sa anumang mga serbisyo na tinatanggap ng inyong pamilya mula sa distrito ng paaralan. Mayroon kayong karapatan upang umalis mula sa pag-aaral anumang oras at mayroon kayong karapatan na manghingi na hindi sagutin ng guro ng inyong anak ang alinman sa mga tanong.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong o mga alalahanin tungkol sa proyektong ito, maaari kayong makipag-ugnay sa sinuman sa mga mananaliksik ng HELP sa mga numerong ibinigay sa itaas o sa pamamagitan ng email sa: melanie.hientz@ubc.ca.

Anong mga data ang kokolektahin?

Ang KMP (EDI) ay magtatanong tungkol sa limang mga lugar ng paglaki: 1) kalusugang pangkatawan at kapakanan; 2) kaalaman sa pakikipamuhay sa kapwa at katagalingan; 3) emosyonal na kalusugan at paggulang; 4) pag-unlad sa pananalita at pagbibigay-malay; at 5) pangkalahatang kaalaman at mga kakayahan sa komunikasyon. Magbibigay din ng HELP ang paaralan kasama ang Personal Education Number (PEN) ng iyong anak, na gagamitin lamang upang tumulong sa inaprubahang pananaliksik o pagsusuri ng programa. Ginagamit ng paaralan ang pangalan ng inyong anak upang magsagawa ng pagkolekta ng EDI, ngunit hindi inihahayag ang pangalan sa HELP para sa mga layunin ng pananaliksik. Ang pangalan ng inyong anak ay WALA sa kanilang kuwestiyonaryo ng EDI.

Paano ginagawa ang KMP (EDI)?

Sasagutin ng mga guro ng kindergarten sa Distrito ng Paaralan ang palatanungan ng KMP (EDI) para sa bawat mag-aaral na nasa kanilang klase; walang tatanungin o tuwirang pagsasangkot sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipadadala ang mga talatanungan sa UBC para sa pagpapasok ng mga data, siguradong pagtatago, at pagsusuri. Hindi kailanman kinokolekta ang pangalan ng mga mag-aaral sa KMP (EDI). Ang mga kontak sa distrito ng paaralan ay direktang nakikipagtrabaho sa mga guro ng kindergarten at tagapamahala ng proyekto ng HELP para masiguro ang walang panganib na pag-aasikaso ng lahat ng mga data ng mag-aaral. Tinitiyak ng Mga Opisyal sa Privacy ng HELP na pinapayagan ang pagkolekta sa ilalim ng lahat ng naaangkop na pagsasabatas ng privacy ng BC.

Paano iniuulat ang mga datos?

Ang KMP (EDI) ay isang pagsusukat ng kalusugan ng populasyon. Ang mga resulta ay iniuulat lamang sa lebel ng grupo (purok, distrito ng paaralan o paaralan). Bilang bahagi ng pag-ikot ng aming taunang pag-uulat, binibigyan ng HELP ang bawat distrito ng paaralan ng mga ulat tungkol sa mga resulta ng KMP (EDI) para sa bawat isang paaralan. Dahil sa kadahilanang pangpribado, kung ang alinmang paaralan ay may mas mababa sa limang mag-aaral ang HELP ay hindi magbabalik ng mga resulta. Ang mga mananaliksik ng HELP ay gumagawa rin ng pangmadlang mga mapa at nagbibigay ng mga nakasulat na buod ng mga resulta. Ang impormasyong ito ay nakalagay sa website ng HELP. Tulad ng nakasanayan, ang pagkakakilanlan ng mag-aaral ay palaging hindi kinokonekta sa mga matutuklasan sa pananaliksik sa anumang paraan. Ginagamit lamang namin ang mga sagot sa kuwestiyonaryo upang likhain ang mga buod na ito, at hindi ang mga tagapagpakilala katulad ng Personal Education Number.

Ginagabayan ng aming Aboriginal Steering Committee, nirespeto ng HELP ang mga prinsipyo ng First Nations ng OCAP® (Pagmamay-ari, Pagkontrol, Pag-access, at Pag-aari) o iba pang mga code sa etika batay sa komunidad, tungkol sa EDI data para sa mga bata sa First Nations, Métis at Inuit. Ang ibig sabihin nito ay ang Mga Aboriginal Nation at mga organisasyon ay may access sa data ng antas ng grupo para sa mga bata sa First Nations, Métis at Inuit sa kanilang lugar, upang suportahan ang sariling pagpapasiya ng Aboriginal at ipaalam ang paglikha ng programa at patakaran. Bilang bahagi ng pangakong ito, ang HELP ay hindi kailanman nag-ulat ng publiko ng data ng Aboriginal EDI o ginagamit ito para sa paghahambing sa iba pang data. Ang HELP ay



SCHOOL DISTRICT LETTERHEAD

nagtatag ng malinaw na proseso para sa pagbabahagi ng data ng EDI para sa mga bata sa First Nations, Métis at Inuit. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa Kimberley Bayer, ang HELP Aboriginal Community Liaison Coordinator sa aboriginal.liaison@help.ubc.ca.

Paano makikinabang ang Distrito ng Paaralan at ang inyong komunidad?

Bukod sa pagtanggap ng mga ulat, ang mga distrito ng paaralan at ang komunidad ay makikinabang sa pananaliksik sa ilang mga paraan. Halimbawa, ang pananaliksik ay tutulong na magpakita kung nasaan ang malaking mga pagkakaiba sa purok sa dami ng mga bata na malusog at handa nang pumasok sa paaralan; kung nasaan ang mga grupo ng mga bata na nakahanda nang pumasok sa paaralan sa mga komunidad, mga rehiyon, at probinsiya; at kung paano ang pang-sosyal at pang-ekonomikong mga sanhi na maaaring makaapekto sa paglaki ng mga bata. Ang impormasyon mula sa proyektong ito ay makakatulong sa mga paaralan, mga tagapagplano ng programa, at mga miyembro ng komunidad na magkaroon ng mas higit na kaalaman sa mga paraan ng paggawa ng mga kapaligirang makakatulong sa mga bata na magtagumpay sa kanilang komunidad.

Paano gagamitin at itatago ang mga data ng EDI?

Itatago ang impormasyon sa EDI ng bawat estudyante sa isang seguradong database. Ang mga data ng personal na pagkakakilanlan, na katulad ng mga numero ng PEN, petsa ng kapanganakan at postal code ay kinakailangan para sa mga layunin ng pagtutugma ng mga data, na iuulat lamang sa antas ng kapit-bahay o grupo. Itinatago ang mga data ng pagkakakilanlan na ito nang nakahiwalay mula sa mga data ng EDI upang hindi muling maiugnay ang inyong anak sa kanilang mga indibidwal na sagot. Ang lahat ng mga kuwestiyonaryo ng EDI ay itinatago sa HELP. Hindi nagtatago ng kopya ng kuwestiyonaryo ang paaralan ng inyong anak at walang impormasyon ang idadagdag sa rekord sa paaralan ng inyong anak. Dahil ang mga resulta ng pag-aaral ay iniuulat sa antas ng pangkat lamang, ang partikular na impormasyon sa kuwestiyonaryo ng inyong anak ay hindi kailanman isasapubliko sa anumang paraan.

Ibabahagi ng Help ang mga data ng EDI sa Population Data BC. Ang layunin ng Population Data BC ay upang mapadali ang access sa mga data para sa *matapat*, pampublikong interes na mga layunin ng pananaliksik, habang sa parehong pagkakataon ay nagtitiyak ng proteksyon ng pagkapribado at pagiging kumpidensiyal ng mga indibidwal. Ang access sa mga data para sa mga layunin ng pananaliksik sa ilalim ng *Freedom of Information and Protection of Privacy Act* ay aaprubahan ng HELP, ang Tagapamahala ng Data, na may pananagutan para sa mga data ng EDI. Tatasahan ang bawat aplikasyon ng pananaliksik batay sa mga merito nito at dapat na gamitin nang tuloy-tuloy para sa mga layunin kung saan ang mga data ay kinuha o ipinatupad alinsunod sa FIPPA.

Gagamitin ng mga ministro ng Mga Bata at Pagpapaunlad ng Pamilya, Kalusugan at Edukasyon ang mga data ng EDI para sa pagsusuri ng programa at pagpapaunlad ng patakaran. Hindinila gagamitin kailanman ang datos upang suriin ang sinumang bata na mag-isa.

Inihayag din namin ang mga data ng EDI sa Ministro ng Edukasyon, Ministro ng mga Bata at Pag-unlad ng Pamilya, at Ministro ng Kalusugan Para sa mga Layunin ng Pagpapaunlad ng Pagsusuri ng Programa at Patakaran sa antas ng grupo. Hindi kailanman gagamitin ng mga Ministro ang data upang gumawa ng mga desisyon sa pang-indibidwal na antas tungkol sa inyong anak. Ang HELP at ang Mga Distrito ng Paaralan ay mananatiling kasamang tagapamahala ng mga data ng EDI sa kabuuang lifecycle nito.


Bakit iniugnay ang mga data sa impormasyon ng Data ng Populasyon ng BC?

Maaaring gamitin ng mga mananaliksik ng HELP ang mga data ng EDI na iniugnay sa ibang mga pinagkukunan ng mga data upang higit na malaman ang mga sanhi na nakakaapekto sa paglaki ng mga bata. Maaring kabilang sa ibang mga pinagkukunan ng mga data ang impormasyon sa edukasyon at kalusugan. Maaari *lamang* gamitin ang iniugnay na mga data para sa pananaliksik o mga layuning pang-estatistiko, ng mga aprubadong mananaliksik ng HELP, sa ilalim ng inaprubahang Kasunduan ng Pananaliksik.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aaral?

Mangyaring bumisita sa website ng HELP sa www.earlylearning.ubc.ca/ediparent. Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa proyektong ito at tungkol sa pagkolekta at pagpapaalam ng impormasyon, mangyaring makipag-alam kay Melanie Hientz, Tagapamahala sa Pagpapatupad ng EDI, sa melanie.hientz@ubc.ca.

Matapat sa Inyo,



Propesor Kim Schonert-Reichl, Ph.D.
Direktor, Human Early Learning Partnership
Telepono: 604-822-1879
Email: kimberly.schonert-reichl@ubc.ca

[Name], School District EDI Contact
[Title within School District]
Telephone: ---
Email: ---

